ISSN 2672-2879
Tomo 1 Blg. 6, Nobyembre–Disyembre 2019

# CaraBalitaan

Opisyal na Tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

## BLP *Orientation Seminar*, idinaos ng PCC MLPC

NI **DORIE BASTATAS**

**Upang mas mapalawig pa ang inisyatiba sa pagpapalahi gamit ang tradisyunal na pamamaraan, nagsagawa ang Philippine Carabao Center (PCC) sa Mindanao Livestock Production Center ng "Bull Loan Program (BLP) Orientation Seminar" sa Kalawit, Zamboanga del Norte noong ika-5 ng Nobyembre 2019.**

Ipinaliwanag sa naturang *seminar* ang BLP, at ang mga magiging tungkulin at responsibilidad ng mga magsasaka na kabahagi nito. Tinalakay rin ang mga kasanayan sa pamamahala patungkol sa wastong pag-aalaga ng mga bulugan na salig sa kalusugan, pagpapalahi, pagpapakain at pag-iingat ng talaan.

Ang BLP ay isang komplimentaryong serbisyo ng PCC na bahagi ng "Genetic Improvement Program" na naglalayon na mapabuti ang produktibo at kalidad ng gatas, karne, at lakas ng mga hayop.

Layon ng naturang programa na mabigyang serbisyo ang mga (1) *purebred dairy-type* na mga kalabaw at *crossbred* sa ilalim ng mga kooperatiba, samahan, at *dairy multiplier farm*; at (2) katutubo o *native* na mga kalabaw na bahagi ng programang pagpapa-unlad sa kanayunan.

Sa ilalim ng BLP, maililipat ang pagmamay-ari ng pinahiram na mga bulugan kung makapagpapalahi ang bawa't bulugan ng 25 bulo. Mula 1996 ay may 126 na bulugan na ang naipamahagi. Aabot naman sa 710 na bulo ang naipanganak buhat 2004 hanggang sa kasalukuyan.

Bukod sa kaalaman, nagbigay din ang PCC sa MLPC ng *training kit* sa mga nagsidalong piling magsasaka. Ito ay naglalaman ng manwal para sa Wastong Pag-aalaga ng Bulugang *Buffalo*, talaan para sa serbisyong pag-aanak, pagsubaybay sa kalusugan, at kung ilang bulo ang naipanganak.

Sina Fe Emelda Academia, *Regional Carabao Based Enterprise Development Coordinator*, Ariel Carumba, *GIP Coordinator*, at Dorie Bastatas, *BLP Coordinator*, ang mga nagsilbing tagapagsalita.




## Kahalagahan ng kalabaw bilang instrumento sa pag-unlad, binigyang-diin sa 5th NCC

NI **MA. CECILIA IRANG**

**Binigyang-diin ang espesyal na gampanin ng kalabaw sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng maraming pamilyang magsasaka sa pamamagitan ng mga *plenary sessions* sa ginanap na 5th National Carabao Conference (NCC) ng Philippine Carabao Center (PCC) noong Nobyembre 14-15 sa Central Mindanao University (CMU) Convention Center, Maramag, Bukidnon.**

Ang kahalagahan nito sa buhay ng mga magsasaka ay pinatunayan ni CMU *President* Dr. Jesus Antonio Derije sa kanyang mensahe.

Sinabi niya na ang kalabaw ay isang kapaki-pakinabang na hayop na nakatutulong hindi lamang sa gawaing bukid dahil sa taglay na lakas nito bagkus ay mainam din itong pangnegosyo dahil sa gatas, karne at iba pang produkto nito na mapagkakakitaan gaya ng balat at dumi nito.

Ibinahagi rin niya ang nabasa niyang artikulo na isinulat ng yumaong *editorial consultant*

**SUNDAN SA P. 2**

## *Ehime-AI Probiotics*, UMMB, ibinahagi sa PCC-RDD Technical Caucus

NI **CHARLENE JOANINO**

**Mga pamamaraan sa pagpapainam ng kalusugan ng kalabaw ang itinuro ng mga *Japan Overseas Cooperation Volunteers* (JOCV) na sina Dr. Emi Yoshida at Dr. Asuka Kunisawa sa nakaraang Philippine Carabao Center-Research and Development Division (PCC-RDD) Technical Caucus na ginanap noong ika-22 ng Nobyembre sa PCC National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.**

Ang *Ehime-AI Probiotics* ay isang teknolohiya mula sa *Ehime Prefecture* na nakatutulong sa pagpapaganda ng *body condition (immune system)* ng hayop habang ang *Urea Molasses Mineral Block* (UMMB) naman ay suplementong pakain.

Binigyang-diin ni Dr. Marvin Villanueva, hepe ng PCC Biosafety and Environment Section (BES), ang maaaring kagandahang hatid ng *Ehime-AI Probiotics* lalo't unang susubukan pa lang itong gamitin ng PCC.

**SUNDAN SA P. 3**

## Kahalagahan ng kalabaw... MULA SA P. 1




ng PCC na si Dr. Anselmo Roque tungkol sa yumayabong na industriya ng paggagatas ng kalabaw. Aniya, maraming oportunidad ang ibinibigay ng kalabaw dahil maraming mga produkto ang nakasalig dito gaya ng mga produktong gatas at karne *(carabeef)* na mataas ang *demand* at presyo sa merkado dahil sa taglay nitong magandang kalidad at *nutritional value.*

Punong-abala sa nasabing komperensiya ang PCC@CMU sa pamumuno ni Dr. Lowell Paraguas at pakikipagtulungan ng CMU. Umikot ito sa temang "Masaganang Ani at Mataas na Kita sa Pagkakalabawan", bilang suporta sa bagong pananaw sa agrikultura na ang Pilipinas ay magkaroon ng seguridad sa pagkain at ang mga magsasaka't mangingisda nito ay magtamasa ng maunlad at masaganang buhay.

Layunin nito na pagsama-samahin ang mga kalahok, katiwala, at lahat ng mga may pakinabang sa industriyang salig sa kalabaw. Daluyan din ito ng mga mahahalagang impormasyon upang maibahagi at maipalaganap ang mga teknolohiya, kasanayan, mga ideya patungkol sa industriya at mga wastong pamamaraan na naisagawa na ng mga magsasakang nagtagumpay sa kani-kanilang mga pinagkakakitaang negosyong salig sa kalabaw at nang sa gayon ay makahikayat ng maraming magsasaka na sumali sa *Carabao Development Program* (CDP).

Nagbigay ng ulat tungkol sa CDP si PCC *Executive Director* Dr. Arnel del Barrio, kung paano nagsimula at lumago ang programa at kung paano ito patuloy na nakatutulong sa pagpapaangat ng buhay ng mga magsasaka.

"Ang gusto natin ay magkaroon ng kumikitang kabuhayan ang mga magsasaka para magkaroon sila ng masaganang ani at mataas na kita," ani Dr. Del Barrio.

Para naman kay Rowena Bumanlag, *Applied Communication Section Head* ng PCC at *overall chairperson* ng 5th NCC, itinuturing niya ang CDP bilang *integrated* at *diversified program.*

"Ang programa ng PCC sa pagkakalabawan *'is no island'* ang ibig lang sabihin ay pwedeng i-sama ang kalabaw sa kasalukuyang sistema ng pagsasaka at hindi matatawaran ang natatanging kontribusyon nito," ani Bumanlag.

Bahagi ng komperensiya ang mga talakayan o *plenary sessions* sa mga paksang: *Convergence for the Milk Feeding Program, Technology and Innovation Forum, Scaling up the Carabao-based Enterprise Value Chain,* at *Strengthening the Provincial Livestock Extension System.*

Maliban sa mga *plenary sessions*, nagsagawa rin ng *convergence meeting* ng *dairy cooperatives* para sa pagpaplano at paggawa ng mga kaugnay na estratehiya kung paano matutugunan ang tumataas na *demand* para sa gatas bunsod ng *national feeding program.*

Nagkaroon din ng *Knowledge Exhibition, technology demonstration, launching of PCC@ CMU's Bull Barn, Semen Processing Laboratory* at *'Bukidnon Dairy' Processing* at *Marketing Outlet,* pamamahagi ng mga gatasang kalabaw sa *conduit cooperatives* sa ilalim ng *Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB)* Karbawan *project, Knowledge Café,* at tagay-pugay kasama ang mga mag-aaral sa elementarya at mga *mascots* ng PCC na sina Kalaboy at Kalagirl.

Mahigit 600 magsasakang maggagatas na inaasistehan ng PCC, mga kabalikat, mga negosyante, mga opisyales ng lokal na pamahalaan, mga representante mula sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno, pribadong mga organisasyon na katuwang ng PCC sa pagpapalaganap ng CDP ang lumahok sa nasabing pagtitipon.

## Ikalawang SOA-DBP inilunsad sa South Cotabato

NI **RODOLFO JR VALDEZ**

**Upang mas mapalawak ang pagbibigay kaalaman ukol sa *Carabao Development Program* (CDP), inilunsad ng Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (PCC@USM) at Agricultural Training Institute-Region 12 ang ikalawang *School-on-the-Air on Dairy Buffalo Production* (SOA-DBP).**

Layunin ng SOA-DBP na palawakin ang pagbibigay kaalaman at pagpapaunawa sa benepisyo ng pagkakalabaw sa pamamagitan ng mga serye ng talakayan tungkol sa wastong teknolohiyang may kinalaman sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw.

Mahigit 322 magsasaka ang lumahok sa programa mula sa mga bayan ng Norala, Surallah, Tantangan, Sto. Niño, Banga, Lake Sebu, Tupi, at T'boli sa Timog Cotabato.

Sa unang serye ng programa, tinalakay ni PCC@USM *Center Director* Benjamin John Basilio ang pangkalahatang ideya ng SOA-DBP, ang *rationale* ng industriya ng kalabaw sa Pilipinas at ang mga paksang panteknolohiya na makatutulong sa mga tagapakinig na magsasakang-magkakalabaw.

"Ang isang layunin natin sa PCC ay palaganapin ang impormasyon ukol sa mga benepisyong makukuha mula sa kalabaw. Dapat nating ipaunawa na hindi lamang ito pantrabaho sa bukid kundi maaari ring pagkunan ng masustansyang gatas," paliwanag ni Dir. Basilio.

Naging katuwang ng PCC@USM sa pagsasagawa ng SOA-DBP ang Agricultural Training Institute Region XII, Department of Trade and Industry Region XII, DA-Regional Field Office XII at South Cotabato Provincial Veterinary Office upang mapalaganap pa ang mga programa at serbisyo ng PCC sa higit na mas maraming magsasaka.

Ilan sa mga paksang nakapaloob sa SOA-DBP ay ang *Feeding Management, Feeding Production and Establishment; Forage and Feed Resources for Dairy Buffaloes; Health Management; Animal Management, Disease Prevention and Control; Breeding Management; Carabao Enterprise;* at

**SUNDAN SA P. 3**

## Ehime-AI Probiotics... MULA SA P. 1



"Bukod sa pagpapalusog ng kalabaw, maaaring maiwasan ang *mastitis* gamit ang teknolohiyang ito. Madali rin siyang isagawa," ani Dr. Villanueva.

Kabilang ang *mastitis* sa tatlong pangunahing sakit na kalimitang dinaranas ng kalabaw. Ayon kay Dr. Villanueva, base sa tala noong 2018, nasa 15% ang kaso ng *mastitis* sa PCC National Impact Zone (NIZ) o Nueva Ecija.

Ang *mastitis* ay ang pamamamaga ng dede ng kalabaw na nagdudulot ng pagbaba ng produksyon at kalidad ng gatas.

"Upang makagawa ng probiotics, paghalu-haluin lamang ang *Natto beans, dry yeast,* pulot, *yogurt,* at tubig sa botelya. Iwan ito ng bahagyang nakabukas ang takip sa temperaturang 35°C ng hindi bababa sa isang linggo," ani Dr. Yoshida.

Ang *Natto beans* ay *fermented soy beans* ng Japan na kalimitang mabibili sa mga Japanese *stores.*

Maaaring ihalo ang 60 ml ng *probiotics* sa pakain o tubig ng kalabaw.

Dinaluhan ng mga piling empleyado ng PCC RDD at ilang magsasaka ng PCC NIZ ang *Caucus.* Nagpunta rin si RDD *chief* Annabelle Sarabia.

Ang nasabing aktibidad ay pinangunahan ng PCC BES at PCC NIZ *team.*

"Sa ngayon, magkakaroon tayo ng iba't ibang pag-aaral upang makita natin 'yong epekto ng *probiotics.* Susubukan natin maghanap ng alternatibo sa *Natto beans* dito sa Pilipinas kung sakaling maging epektibo ang teknolohiyang ito,"paglalahad ni Dr. Villanueva.

## Ikalawang SOA-DBP... MULA SA P. 2

*Technology Adaptation.*

Isa sa mga pamamaraan ng pagsukat ng pagkatuto ng mga kalahok na magsasaka ay ang pagbibigay ng mga pagsusulit bago at pagkatapos ng serye o talakayan. Sa tulong ng mga SOA *municipal coordinators* mula sa bawa't kasakop na bayan, masusuri ang kaalaman ng mga magsasaka gamit ang *pre* at *post-test evaluations.*

Samantala, ipinaliwanag naman ni Charlene Corpuz, *training officer* ng PCC Knowledge Management Division (KMD), na ang SOA-DBP ay isang uri ng pagsasanay na natukoy sa pag-aaral na pinamagatang "Strengthening Carabao Development Program (CDP) Communication for Development (ComDev) Campaign in Visayas and Mindanao" bilang tugon sa pangangailang pangkaalaman ukol sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw ng mga magsasaka.

Dagdag pa niya, bagama't tradisyunal na pamamaraan ng pagsasanay ang SOA, lumalabas sa isinagawang pag-aaral na patuloy itong tinatangkilik ng mga magsasaka bilang daluyan ng kaalaman kung kaya't ito ay isa pa ring mabisang paraan.

"Sa pamamagitan ng pakikinig sa mga seryeng ito sa radyo, higit na maipapalaganap ang kamalayan sa mga magsasaka tungkol sa mga programa, serbisyo at teknolohiyang pangkalabaw ng PCC," paliwanag niya.

Samantala, binigyang-diin ni Hannadi Pompong, ATI-XII *Media Production Specialist,* na mapapakinggan ang programa ng SOA-DBP mula Oktubre 2019 hanggang Pebrero 2020 sa 98.1 MHz Radyo Bandera News FM Surallah tuwing Miyerkules (11:00 AM-11:45 AM), at sa 99.3 MHz Radyo Kahiusa Tupi tuwing Huwebes (4:00 PM-5:00 PM) para sa *replay.* Maaari rin itong mapanood ng *live* sa *Facebook page* ng Radyo Bandera Surallah.

Ang naunang SOA-DBP ay inilunsad sa Iloilo ng PCC@WVSU noong Agosto 2018 sa pangunguna naman ni Director Arn Granada.

# Dalawang kooperatiba sa Region IX, nakatanggap ng gatasang kalabaw

NI **DORIE BASTATAS**




**Kabilang ang Baclay Multi-purpose Cooperative at Antipolo Primary Agricultural Multi-purpose Cooperative na saklaw ng Mindanao Livestock Complex (PCC@MLPC) sa mga piling kooperatibang ginawaran ng gatasang kalabaw ng Philippine Carabao Center sa Central Mindanao University Convention Center sa Maramag, Bukidnon noong Nobyembre 14-15, 2019.**

Ang aktibidad ay bahagi ng selebrasyon ng 5th National Carabao Conference (NCC) ngayong taon.

Sa binagong programang "Paiwi" ng PCC o *Dairy Buffalo Multiplier Farm* (DBMF),ipinagkakatiwala ng PCC ang purong lahi ng gatasang kalabaw sa mga angkop na magsasaka, pamilya, kompanya, kooperatiba o mga *enterpreneurs* na may kakayahang magpatakbo ng negosyong sakahan.

Inaasahang malaki ang maitutulong nito lalo't nagsasagawa na ang PCC@MLPC ng mga inisyatiba upang matugunan ang pangangailangan sa gatas sa *Milk Supplementation Program* kaugnay ng *Republic Act 11037.*

Ang RA 11037 o Masustansiyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act ay batas na layon na mapabuti ang kalusugan ng mga batang kulang sa nutrisyon na nasa edad 3-12 taong gulang at buhat sa mga pampublikong *daycare centers* at mababang paaralan.

Aabot sa 27 kalahok mula sa iba't ibang munisipalidad sa Rehiyon IX ang dumalo sa 5th NCC. Ito ay kinabibilangan ng Baclay Multi-Purpose, Baclay, Tukuran, Zamboanga del Sur; Antipolo Primary Agricultural Multi-Purpose Cooperative, Antipolo, Dapitan, Zamboanga del Norte; Siare Valley Agrarian Reform Beneficiaries Multi-Purpose Cooperative, Sindangan, Zamboanga del Norte; Sindangan Crossbred Buffalo Raisers, Sindangan, Zamboanga del Norte; Polanco Carabao Breeders and Raisers Association, Polanco, Zamboanga del Norte; at Ipil Carabao Farmers Association, Ipil, Zamboanga Sibugay.

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

# iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!

## Ano ang Dulce Gatas?

*Isinalin sa wikang Filipino ni Charlene Joanino mula sa Knowledge Product nina Rolly Ardeño, Saturnino Dayanan, Hector Ringor, at Jelita Nevira*

**Ang Dulce Gatas ay isa sa mga produktong maaaring gawin mula sa nai-prosesong gatas ng kalabaw. Ito ay patok sa gawi ng Silay City, Negros Occidental bilang matamis na panghimagas.**

### Paano gumawa ng Dulce Gatas?

1. Haluin ang sariwang gatas, *refined sugar* at *glucose*.
2. Pagkaraa'y, lutuin ito sa katamtamang init habang hinahalo hanggang sa ito ay kumulo.
3. Patuloy na haluin sa mahinang apoy hanggang sa maging kulay *brown* at lumapot.
4. Isalin ito sa malinis na lalagyan at hayaang lumamig sa temperaturang 40˚C - 50˚C.
5. Ibalot ito sa makulay na *plastic* na papel. Iselyo ang lalagyan at markahan ng *expiration date*. Ipalamig ito sa *refrigerator* sa temperaturang 4˚C to 10˚C.

### Bakit mainam magnegosyo ng Dulce Gatas?

Maaaring i-proseso ang Dulce Gatas sa bahay sapagka't hindi ito nangangailangan ng maraming gamit at malaking kapital.


## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Philippine Carabao Center na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

Ang salitang "impact zone", samantala, ay isang lugar o magkakalapit na mga lugar kung saan lahat ng kailangang sangkap para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng kabuhayang salig sa kalabaw ay pinagsasama-sama sa layuning makalikha ng makahulugang pagbabago sa kanayunan at kalaunan ay sa kabuuang lipunan. Ang probinsya ng Nueva Ecija ang naitalaga na National Impact Zone habang ang piling mga bayan naman na nasasakupan ng *PCC regional centers* ang tinaguriang Regional Impact Zones.



## PATNUGUTAN

**Patnugot:** Eric P. Palacpac
**Tagapamahalang Patnugot:** Rowena G. Bumanlag
**Tagapamahala sa Isyung Ito:** Charlene S. Joanino
**Manunulat:** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino
**Nag-ambag ng Artikulo:** Dorie D. Bastatas, Rodolfo Jr. T. Valdez, Rolly C. Ardeño, Saturnino T. Dayanan, Hector M. Ringor, Jelita D. Nevira
**Layout:** Ma. Cecilia C. Irang
**Tagapamahala sa Sirkulasyon:** Charlene P. Corpuz
**Pinunong Tagapagpaganap:** Arnel N. Del Barrio